**PAPEL NG DAPAT MALAMAN**

# Mga Pangunahing Bagay Tungkol sa Bakuna sa Trangkaso

## Paghadlang sa Trangkaso: Magpabakuna Laban sa Trangkaso

**Ang pinakamabuting paraan upang hadlangan ang trangkaso ay magpabakuna laban sa trangkaso tuwing taglagas.**

May dalawang uri ng bakuna:

- **Ang "iniksiyon sa trangkaso**"—isang bakunang ginawang di-aktibo (nagtataglay ng pinatay na virus) na ibinibigay sa pamamagitan ng karayom o heringgilya, karaniwan ay sa braso.
  Ang iniksiyon sa trangkaso ay inaprubahan para gamitin sa mga taong mas matanda sa 6 na buwan, kabilang ang malulusog na tao at mga taong may hindi-gumagaling na mga kondisyong medikal. Mayroong mga 54 na milyong iniksiyon sa trangkaso na magagamit sa Estados Unidos sa panahong ito.
- **Ang bakuna sa trangkaso na iwiniwisik sa ilong**—isang bakunang ginawa sa buhay, pinahinang mga virus ng trangkaso na hindi nagiging sanhi ng trangkaso (kung minsan ay tinatawag na **LAIV** para sa "Live Attenuated Influenza Vaccine").
  Ang LAIV ay inaprubahan para gamitin sa malulusog na tao na 5 taon hanggang 49 taong gulang na hindi buntis. Mayroong mga 1 na milyong dosis ng LAIV na magagamit sa Estados Unidos sa panahong ito.

Ang bawat bakuna ay nagtataglay ng tatlong virus ng trangkaso—isang A (H3N2) virus, isang A (H1N1) virus, at isang B virus. Ang mga virus sa bakuna ay nagbabago bawat taon batay sa pandaigdig na pagsubaybay at sa mga hula ng mga siyentista tungkol sa kung aling mga uri at mga katangian virus ang kakalat sa isang taon.

Mga dalawang linggo pagkatapos ng pagbakuna, nabubuo sa katawan ang mga antibody na nagkakaloob ng proteksiyon laban sa impeksyon ng virus ng trangkaso.

## Kailan Magpapabakuna

Ang buwan ng Oktubre o Nobyembre ay pinakamabuting panahon para magpabakuna, pero puwede ka pa ring bakunahan sa buwan ng Disyembre at mas huli. Ang panahon ng trangkaso ay nagsisimula sa buwan ng Oktubre at tumatagal ng hanggang buwan ng Mayo.

## Sino ang Dapat Magpabakuna

Dahil sa kulang ang inihandang iniksiyon sa trangkaso sa panahong ito, inirerekomenda ng CDC na may mga taong dapat unahin sa pagbibigay ng iniksiyon sa trangkaso. Ang mga tao sa mga sumusunod na grupo ay dapat maghangad ng bakuna sa panahong ito:

- lahat ng batang may edad na 6–23 buwan;
- mga may sapat na gulang na may edad na 65 taon at mas matanda;
- mga taong may edad na 2–64 taon na nagtataglay ng hindi-gumagaling na mga kondisyong medikal;
- lahat ng babae na mabubuntis sa panahon ng trangkaso;
- mga residente ng mga bahay ng pag-aalaga at mga pasilidad na pangmatagalang pag-aalaga;
- mga batang may edad na 6 na buwan–18 taon na ginagamitan ng patuloy na panlunas na aspirin;



DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES
CENTERS FOR DISEASE CONTROL AND PREVENTION
SAFER • HEALTHIER • PEOPLE™

**Mga Pangunahing Bagay Tungkol sa Bakuna sa Trangkaso**
(ipinagpapatuloy mula sa naunang pahina)

- mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan na kalahok sa tuwirang pag-aalaga ng pasyente; at
- mga tagapag-alaga sa labas ng bahay at mga nakakaugnay sa sambahayan ng mga batang may edad na <6 na buwan.

Ang mga ito ay mga taong malaki ang panganib na magkaroon ng seryosong mga kumplikasyon ng trangkaso o nakakaugnay ng mga taong malaki ang panganib na magkaroon ng seryosong mga kumplikasyon ng trangkaso.

Kung makukuha, ang bakuna sa pamamagitan ng LAIV ay mapipili para sa malulusog na tao may edad na 5-49 na mga tagapag-alaga ng mga batang wala pang 6 na buwan ang edad at para sa mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan. Kung ang isang manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan ay tumanggap ng LAIV, ang manggagawang ito ay hindi dapat makipag-ugnay sa mga pasyenteng lubhang mahina ang panlaban sa sakit na nangangailangan ng isang protektadong kapaligiran 7 araw pagkaraan ng pagbakuna.

Ang mga taong hindi kasama sa isa sa mga grupong dapat unahin na nakalista sa itaas ay hinihilingan na huwag magpabakuna o ipagpaliban ang pagpapabakuna dahil sa kakulangan sa bakuna.

## Pagiging Mabisa ng Bakuna

Ang kakayahan ng bakuna sa trangkaso na protektahan ang isang tao ay depende sa edad at kalusugan ng taong tumanggap ng bakuna, at sa pagkakatulad o "pagkakatugma" ng mga katangian ng virus sa bakuna at ng virus na kumakalat. Ang pagsubok ay nagpakita na ang parehong bakuna ay mabisa sa paghadlang sa trangkaso.

## Mga Di-Hangad Na Epekto ng Bakuna (Ano ang Dapat Asahan)

Ang magkakaibang di-hangad na epekto na maaaring iugnay sa iniksiyon sa trangkaso at LAIV.

**Ang iniksiyon sa trangkaso:** Ang mga virus sa iniksiyon sa trangkaso ay pinatay (ginawang di-aktibo), kaya hindi ka makakakuha ng trangkaso mula sa isang iniksiyon sa trangkaso. May maliliit na di-hangad na epekto na maaaring mangyari katulad ng:

- Kirot, pamumula, o pamamaga kung saan ibinigay ang iniksiyon
- Lagnat (mababang grado)
- Mga pananakit

Kung mangyari ang mga problemang ito, ang mga ito ay nagsisimula pagkaraan ng iniksiyon at karaniwang tumatagal ng isa hanggang dalawang araw. Halos lahat ng taong tumanggap ng bakuna sa trangkaso ay walang mga sersoyong problema mula rito. Gayunman, may bihirang pagkakataon na ang bakuna ay maaaring maging sanhi ng mga seryosong problema, tulad ng malulubhang reaksiyong alerhiya.

**LAIV:** Ang mga virus sa bakunang iwiniwisik sa ilong ay pinahina at hindi magiging sanhi ng malulubhang sintomas na madalas na iniuugnay sa sakit na trangkaso. (Sa mga pag-aaral na pangklinika, ang pagdadala ng mga virus ng bakuna sa mga malalapit na nakaugnay ay bihira lamang mangyari.)

Sa mga bata, kabilang sa mga di-hangad na epekto ang:

- tumutulong ilong
- sakit ng ulo
- pagsusuka
- pananakit ng kalamnan
- lagnat

**Mga Pangunahing Bagay Tungkol sa Bakuna sa Trangkaso**
(ipinagpapatuloy mula sa naunang pahina)

Sa mga may sapat na gulang, kabilang sa mga di-hangad na epekto ang:

- tumutulong ilong
- sakit ng ulo
- masakit na lalamunan
- ubo

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.cdc.gov/flu, o tawagan ang National Immunization Hotline
sa (800) 232-2522 (Ingles, (800) 232-0233 (Espanyol), o (800) 243-7889 (TTY).



DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES
CENTERS FOR DISEASE CONTROL AND PREVENTION
SAFER • HEALTHIER • PEOPLE™